

Chapter One

Hindi mapigilan ni Aliya Custodio, o Lia, na mapangiti habang binabasa ang ipinakitang sulat ng kaibigan at partner niya sa negosyo na si Tamara. May pumansin din sa wakas sa ipinalathala nilang advertisement ng kanilang wedding planner services sa newspaper, at hindi lamang ordinaryong kliyente ang nagkainterest sa kanila kundi mula sa pamilya ng mga kilalang milyonaryo sa bansa.

“Imagine, five million pesos ang budget nila,” ani Tamara na hindi na makapaghintay na mabasa niya ang buong nilalaman ng sulat. Nakaupo siya sa desk nito at ito naman ay nakatayo sa kanyang likuran.

Thrilled, she dropped the letter and looked at her friend with wide opened eyes. “Wow! Bonggang kasalan ’yan, ha! Nakausap mo na sila?”

“Yep, sa phone. They asked how much should we charge for the package. S’abi ko kakausapin muna kita. So how much do you think?”

Hindi na kailangan pang mag-isip nang matagal ni Lia. “I’ll go for half million. Hindi naman tayo basta-basta, considering the fact na sa New York pa tayo nag-aryl ng wedding planning. We deserve a decent payment.”

“Oo naman, pero naisip ko lang, unang big project natin ito since we started this business. Kailangan muna natin ng promos and ads. So I’m

thinking na babaan natin ang presyo natin for this project, at kapag nagustuhan nila, they can recommend us for other projects. Lalo na socialite ang pamilyang ito. Marami silang mga kakilalang mayayaman na magiging prospective clients natin. Don't you think so?"

Napatango siya na sinang-ayunan ang sinabi ng kaibigan. Limang buwan pa lamang ang nakakaraan mula nang umuwi sila ng Pilipinas galing New York para magpatayo ng sarili nilang kompanya na pinangalanang nilang *My Dream Wedding*. Halos isang taon din silang nag-train sa New York bago sila naging certified wedding planners at tatlong taon pa silang namasukan sa pinakasikat na wedding coordinator doon, kaya kabisado na nila ang pamamalakad sa ganoong negosyo.

"In fairness, marunong ka din palang mag-isip," biro ni Lia kay Tamara.

"Kaya nga tayo naging mag-partner, dahil perfect pair tayo. Commerce graduate ako kaya ako ang bahala sa marketing and finance. Ikaw naman, since HRM graduate ka at mahilig kang mag-design, ikaw ang pupunta sa mga clients natin."

"At ikaw, paupu-upo na lang?" biro niyang muli. Ang totoo ay mas gusto niyang sa labas siya magtrabaho kaysa magkulong dito sa opisina na nagko-compute ng mga debit, credit at kudit na gaya ng ginagawa ni Tamara. At saka, seventy percent ng puhunan nila, kasama na ang one-year lease nila sa building, ay si Tamara ang nagbigay kaya dapat lang na ito ang kilalanin niyang mas mataas ang

katungkulan.

“Bakit? Gusto mo palit tayo?”

“Diyos ko! Never mind,” mabilis niyang sagot.

“Di bale nang maarawan ang beauty ko, huwag lang akong mabulok dito sa lungga mo. Kailan ba tayo makikipagkita sa bagong client natin na ’yan?”

“Huwag kang magmadali because I have another good news.”

“Really?”

Hinila ng kaibigan ang drawer at kinuha ang memo pad na sinulatan nito. “I got a call just before you arrived. They are in urgent need of help daw kasi biglang nag-quit ’yung wedding coordinator nila, and the wedding is only a month from now. They offered to pay us half million if we can do the job well, kaya tinanggap ko na agad.”

Tulala siyang tumitig dito. “Totoo ba ’yan? Hindi ka nagbibiro?”

Her friend slapped the memo pad right in front of her. “Yan ang name at number ng babaeng tumawag kanina. Siya raw ’yung bride. Gusto niyang pumunta tayo sa venue ng kasal bukas din.”

Binasa ni Lia ang nakasulat sa memo pad at napangiwi sa nabasang pangalan. “Nieves Javier? My God, I hate that name!”

Nagtatakang tumingin ito sa kanya. “Kilala mo?”

“No,” iling niya. “Kapangalan kasi niya ’yung bruhang nang-agaw sa guwapo kong boyfriend noon, kaya ever since I hated the name Nieves. Naikuwento ko na ’yun sa ’yo, eh.”

“Ah, ’yun ba? Hindi mo naman kasi nabanggit na

Nieves pala name ng most hated enemy mong 'yan."

"Gawd! Paano ko naman sasabihin? Ni ayaw ko ngang banggitin, eh."

"Baka siya 'yan?" tumatawang biro ng kaibigan.

Lia rolled her eyes. "Don't say that at baka igasgas ko pa sa sahig ang pangit na pagmumukha ng babaeng 'yun. Hindi ko alam ang kanyang apelyido, pero for sure, hindi siya 'yan. Sa kapobrehan niya, hindi siya makakapagbayad ng half million."

"Uy, don't say that. We'll never know where life takes us. Tama na 'yang pagka-bitter mo at masama 'yan sa negosyo."

Huminga siya nang malalim para alisin sa isipan ang mukha ng kinaiinisan niyang babae, ngunit hindi talaga niya maiwasang maalala ang nakaraan.

Four years ago, her life was perfect. She was twenty-two then, may maganda siyang trabaho, at nakatagpo siya ng guwapo, mabait, at mayaman na boyfriend. Darius Benavides was everything every girl could wish for, kaya maraming naiinggit kay Lia.

Darius was a young lawyer then at namamasukan ito sa law firm ng ama nito na isar ring abogado. Si Nieves ang secretary nito, at maraming beses kapag dinadalaw niya si Darius sa opisina nito ay naabutan niyang minamasahé ng babae ang mga balikat ng kanyang boyfriend. Noong una ay nagtimpi siya at si Darius ang kanyang sinita. Ang rason nito ay basta na lamang daw iyon ginawa ni Nieves nang walang permiso, at hindi naman daw nito kayang tanggihan ang sekretarya.

Lola's girl siya noon dahil parehong nasa abroad ang parents niya. Dahil likas sa kanya ang pagiging spoiled brat, nang muli niyang nakita si Nieves na minamasahé si Darius ay inaway na niya ito. It happened for many times hanggang sa tinanggal na ni Darius si Nieves sa trabaho para lamang hindi na siya magselos. Natuwa si Lia roon, ngunit nang isang araw na nagtungo siya sa bahay ni Darius ay naabutan niya si Nieves na nakayakap dito.

On that cursed moment, her surrounding darkened and she just found herself slapping Nieves many times before pulling her hair and shoving her down the ground. Hindi pa siya nakontento ay tinadyakan pa niya ang likod nito hanggang sa inawat siya ni Darius at ipinasok sa bahay nito. Nagpaliwanag ang nobyo na may problema raw si Nieves, kailangan daw maoperahan ang ina nito ngunit wala itong pambayad sa ospital pagkat natanggal ito sa trabaho.

She did not believe him. Naniniwala siyang gawa-gawa lamang iyon ni Nieves para may rason itong makipagkita kay Darius. That's when the guy told her it was over between them at ayaw na nitong makita siyang muli.

“That bitch,” anas ni Lia.

“Ano ka ba? That’s the past. You have to move on. Pagbutihin mo na lang ang trabaho mo para kapag nagkita ulit kayo... tada! You’re a very successful careerwoman na at pagsisisihan ng ex mong ’yan ang ginawa niya sa ’yo.”

“Correct!” sang-ayon niya. That was her plan

exactly. Sa muling pagkikita nila ni Darius ay ipapamukha niya rito na nagkamali ito ng desisyon noon. As of Nieves, wala na siyang balita. Hindi naman daw ito naging girlfriend ni Darius noong nagkahiwalay sila.

Lia knew she had been too harsh with Nieves, but that was four years ago, noong immature pa siya. Nang matay ang kanyang lola ay natuto siyang maging independent. Kaya kapag muli siguro silang magkita ni Nieves, professional na ang magiging asal niya.

Ganoonpaman, galit pa rin siya sa babaeng iyon. Kung hindi dahil kay Nieves ay baka ikinasal na sila ni Darius ngayon. Perfect na sana ang buhay niya, at higit sa lahat, nagkatotoo sana ang dream wedding plan niya na mula high school ay inumpisahan na niyang pag-isipan.

She had kept a copy of her dream wedding plan and was still hoping that someday, she could finally make it a reality. Siguro ay hindi na si Darius ang makakatuluyan niya dahil malamang ay may-asawa na ito ngayon, ngunit naniniwala pa rin siyang may darating ulit sa buhay niya na higit pa kay Darius. Twenty-six years old na siya ngayon, pero marami pa ring nagsasabi na maganda siya. If this business would prosper, men would surely flock around her like doves. She'd just have to choose the best among them.



Lia lowered her sunglasses to have a good look at the house of her new client. Alam na niya na

mayaman ito, pero hindi niya inakalang mansyon pala sa laki at napakaluwang ng bakuran ng bahay nito. In her opinion, this was an ancestral house built probably fifty years ago or so. But it was still beautiful. Kahit siguro makaraan pa ang isang daang taon ay hindi pa rin iyon masisira.

May lumabas na security guard upang magtanong kung ano ang kailangan niya. Ipinakita niya ang company ID niya rito.

“Kayo po ba ’yung wedding planner, Ma’am?” tanong nito sa kanya.

“Yes, that’s me.”

“Nasa backyard po si Ma’am Nieves. Iparada n’yo na lang po itong kotse n’yo sa circle.”

Nangunot ang noo niya at magtatanong sana ngunit kaagad itong umalis. “Anong circle?” ibinulong niya sa kanyang sarili, ngunit nang makita niyang bumukas ang gate ay binura na niya iyon sa kanyang isip.

She was amazed at what she saw as she drove ahead. The front yard looked much bigger than how it looked from outside the gate, and right before the front staircase of the house, there was a gigantic fountain surrounded by a circular driveway. Iyon pala ang circle na sinasabi ng guard.

Ipinarada niya ang kanyang kotse sa likuran ng isa pang sasakyang na nakaparada sa ibaba ng hagdanan at nagtungo sa backyard. It was two in the afternoon and the rays of the sun were too strong. Wala pa man din siyang dalang payong at napakalawak ng bakuran ng bilyonaryang ito na

para bang kalahating kilometro pa ang lalakarin niya bago makarating sa backyard ng bahay.

Finally, she spotted a couple sitting before the outdoor table underneath the shade of a tree. Kung gaano kalawak ang front yard, doble pa roon ang backyard at mayroon pang rectangular swimming pool sa gitna. Kung dito idaraos ang reception, malaki ang magagastos para lamang sa mga palamuti, pero sa yaman ng ikakasal na ito, siguradong hindi nito bibilangin kung magkano man ang magastos basta mapaganda lamang ang kasal nito.

Mga ilang metro pa lang ang layo ni Lia sa dalawa ay naulinigan na niya ang malakas na boses ng babae. Parang galit ito.

Tinanggal niya ang kanyang sunglasses at tinitigan ang lalaki na noon ay nakatingin na sa kanya. Akala niya ay ito ang groom, ngunit sa ayos pa lang ng buhok nito ay halatang isa itong bakla.

Tumayo siya sa likuran ng babaeng patuloy sa pagrereklamo at hindi napapansin na nandoon na pala siya. Nanahimik lang ang bading na kasama nito at sekretong pinapagulong ang mga mata.

“I don’t like any of these. Wala talaga akong magustuhan. Wala ka na bang ibang designs?” tanong ni Nieves sa kasama.

“Ipinakita ko na lahat ng available designs ko sa ‘yo,” tugon ng bading.

Tumiyyad si Lia para makita ang inirereklamido nito. She saw three open folders of wedding gown designs on the table. Mukhang wala itong

nagustuhan sa mga nakita nito.

Quickly, she opened her bag and pulled out her own collection of designs. “Perhaps you’d like to see this,” aniya at ipinatong ang album sa mesa.

Lumingon si Nieves sa kanya at sinipat ang kanyang mukha. “And who might you be?” tanong nito.

She smiled and held out her hand. “I’m Lia Custodio of *My Dream Wedding*. My partner, Tamara, just met you this morning.”

Hindi nito pinansin ang kanyang kamay at pinasingkit ang mga matang nakatitig sa kanya. Suplada pala ang babaeng ito, kaya naiinis na ang kausap nito. Maganda pa mandin ito. Napakaputi ng kutis nito na parang porselana, kaya bagay rito ang blonde nitong buhok.

Kailangan na lang niya itong tiisin. Hindi niya ito maaaring pakawalan dahil dito nakasalalay ang tagumpay ng negosyo nila ni Tamara.

“Oh.” Parang sarkastiko ang ngiti ng kaharap at tiningnan pa siya nito mula ulo hanggang paa. “You look a lot older than I expected.”

Naparam ang kanyang ngiti. Parang hindi niya nagustuhan ang sinabi nito. “Well, I’m twenty-six.”

“I know. But you look like you’re on your thirties.”

Umakyat ang dugo sa kanyang mga pisngi sa galit. Maldita talaga ng babaeng ito! Sasabunutan na ba ni Lia ito at igagasgas ang mukha sa damuhan na gaya ng ginawa niya sa kapangalan nitong Nieves noon?

She clenched her fists and calmed herself. She wouldn't do that same mistake again. The last time she had acted like a brat, she lost her boyfriend. Ngayon ay baka mawala ang negosyo nila ni Tamara.

"I was probably working too hard," tugon niya at muling ngumiti.

"It looks like it," Nieves said with a hint of mockery and looked at the album. Unang larawan pa lamang ay parang namangha na ito. "Nice one."

Dahil doon ay nawala ang galit niya rito. Inilabas niya ang isa pa niyang album at inilatag din sa harapan nito. "And these are my designs for men's suit."

Tiningnan din iyon ni Nieves at tumangu-tango. Mukhang magkakasundo sila sa mga designs, kahit hindi man sila magkasundo sa pag-uugali. That would be good enough for her.

"Tatawagan ko ang fiancé ko. He might want to see your designs." Tumayo si Nieves at nagtungo sa bahay nito. Nang pumasok ito sa backdoor ay saka nagsalita ang baklang kanina pa nananahimik.

"Bitch," anito na tinapik ang ibabaw ng mesa. "Buti hindi mo sinabunutan 'yun. Sabihin bang mukha kang thirties."

Hinawakan ni Lia ang kanyang pisngi para pakiramdam kung may kulubot na ba siya. Wala pang nagsasabi ng ganoon sa kanya maliban sa babaeng iyon. Bumalik tuloy ang galit niya. "Totoo ba 'yun?" tanong ni Lia.

Umiling ito. "No, Dear. You look as young as you

are.”

Nakahinga siya nang maluwag. “Maldita din ang babaeng ’yun, ’no?”

“Palibhasa kasi, fake ang beauty niya kaya nainggit siguro sa ’yo.”

Nanlaki ang mga mata niya. “Fake? Ibig mong sabihin nagpa-surgery lang siya?”

“Exactly!”

“Buti na lang pala at hindi ko sinuntok ang ilong niya kanina.”

“Ay, don’t ever do that, Dear. Milyones ang surgery niyan. Kapag sinira mo, mahal ang babayaran mo. Kaya back off ka na lang kung ayaw mong mamulubi. By the way, I’m Timmy.”

Kinamayan niya ito. “I’m Lia. Ikaw ba’ng designer niya ng gown?”

“Yep, but I’ll probably quit. Naloloka na ako sa babaeng ’yan. Hindi lang naman siya ang client ko. Tingnan mo ito.”

Binuhat nito ang malaking kahon na nakapatong sa katabi nitong silya at ipinatong sa ibabaw ng mesa. Binuksan nito ang takip para ipakita sa kanya ang laman.

“Wow!” Napasinghap siya nang makita ang elaborately designed wedding gown na tumambad sa harapan niya. It was made of soft, white silk and beaded with tiny gems. Iniladlad pa niya iyon para makita ang kabuuan. “So what’s wrong with this?”

Nagkibit-balikat si Timmy. “Ewan ko sa kanya. Siya naman ang pumili sa design na ’yan, ’tapos ngayon sasabihin niyang hindi niya type.”

“Mas maganda pa ito sa designs ko, ah.”

“Hindi na bale sa akin ’yun. Mabuti nga kung ikaw na lang ang pumalit at nang maasikaso ko na ’yung ibang mga clients ko. ’Kakaloka siya.”

Iniayos ni Lia pabalik sa kahon ang gown. “You can’t. Kung may mapili man siya sa mga designs ko, ikaw pa rin ang gagawa. Sa photoshop lang ako nagde-design. I do not make them. You will.”

“So ano’ng magiging trabaho mo dito?”

“Ako ang bago niyang wedding planner.”

“Wedding planner?” Biglang tumawa si Timmy. “Alam mo ba kung ilang wedding planners na ang kinuha niyan sa nakaraang isang buwan lang? Apat, and you’re the fifth.”

Saglit siyang natulala. “Really?”

“Yes. Kaya good luck na lang sa ’yo. She’s just too difficult to deal with. Pero siguro magpapakabait na ’yan at baka ikaw na ang huling wedding planner na makukuha niya. Lalo na isang buwan na lang ikakasal na sila. She’s running out of time.”

Nakahinga nang maluwag ang dalaga. Sana nga ay ganoon ang mangyayari. “Kaya pala ang bilis niyang pumirma ng kontrata.”

“Desperada na kasi.” Tumayo si Timmy at pinulot ang mga folders nito sa mesa. “Well, I gotta go. Mukhang marami pa kayong pag-uusapan. Pagbalik niya pakisabi tawagan na lang niya ako kung may napili na siyang design.”

“P’wedeng makahingi ng calling card mo? Ako na lang ang tatawag sa ’yo kung may napili siya. Baka puwede rin tayong maging partners sa business

natin.”

Nakangiti itong nag-abot ng isang calling card. “Anytime, Dear. Just call me,” sagot nito at binuhat ang box.

Lia sighed as she watched Timmy walked away. Kung totoo ang sinabi nitong panglima na siya na wedding planner para sa kasal na ito, ibig sabihin ay mahirap talagang pakisamahan ang Nieves na iyon.

Umupo siya sa binakantehang upuan ni Timmy at naghintay. Mga sampung minuto pa siguro ang lumipas bago bumalik si Nieves.

“You don’t recognize me, do you?” tanong nito sa kanya bago umupo sa tapat niya.

Saglit niya itong tinitigan. “Nagkakilala na ba tayo dati?”

Nieves smiled scornfully. “Oo naman. Maalala ko nga, you shoved my face in the mud and stepped on my back like I was some sort of a pig.”

Lia’s eyes widened in shock. Kung ang ibig nitong sabihin ay ito ang Nieves na tinadyakan niya noon dahil naabutan niya itong nakayakap sa kanyang ex-boyfriend, hindi niya iyon papaniwalaan.

“No way.” She shook her head and laughed. “Ikaw? Si Nieves na secretary noon ng boyfriend ko?”

“Ex-boyfriend,” Nieves corrected.

“Fine. Ex-boyfriend. Hiniwalayan nga pala niya ako dahil sa ‘yo... no, I mean dahil sa Nieves na ‘yun.”

“You got what you deserve. Kahit naman sinong

lalaki, matatakot sa pagkabayolente mo.”

Umiling-iling siya. Ayaw pa rin talaga niya itong paniwalaan. “No, really. Kung ikaw talaga ang Nieves na kilala ko, I swear I’m walking out of here right now.”

“I am, but you can’t walk away. May kontrata tayo.”

“I can cancel that contract.”

“On what ground?”

Hindi nakasagot si Lia. Marunong nga pala ito sa batas dahil tatlong taon din itong nagtrabaho sa law firm. “Nieves, gaya nga ng sinabi mo kanina, I treated you like a pig. Why in the world would you want my service?”

“Why not? That’s four years ago. As for me, I’ve already forgiven you. Unless may grudge ka pa rin sa akin.”

Nagpanting ang kanyang tainga. At nagpapakaanghel pa ang malditang ito. “I don’t think so. Besides, a lot of good things happened to me after that.”

“Same with me.”

She grunted. Nang-iinis talaga ang babaeng ito! Sinulyapan pa nito ang mansyon nitong bahay at saka ngumiti na parang nangungutya.

“I can see that,” tugon niya. “Bilyonarya ka na ngayon. Although I really have no idea how you’ve done it.”

“It’s easy. I married a billionaire. He was only thirty-five, but he had a congenital heart disease and he died fifteen months after we got married.”

Lia was momentarily speechless. Ganoon pala ang nangyari, kaya pala biglang yumaman ang kausap niya. At siguro nang matay ang asawa nito ay nilustay nito ang naiwang kayamanan para mapaganda ang mukha. Ang maalala niyang Nieves ay morena at pango ang ilong, ngunit itong kaharap niya ngayon ay nagmumukhang tisay.

“You had some luck.”

“I was blessed,” balik nito. “S’abi nga nila, ang mga taong inaalipusta, aangat din at tatapakan nila ang mga taong umalipusta sa kanila.”

Nag-init ang kanyang mga pisngi. Pinaparinggan ba siya nito? “Saan mo naman daw napulot ang kasabihan mong ’yan?”

Ngumiti ito. “I made it. It makes sense, di ba?”

Lia rolled her eyes. “Ridiculous. Vengeance is never an acceptable act.”

“And who says I want vengeance? Hindi ko naman na kailangang gawin ’yun. Lahat ng mga umalipusta sa akin, ngayon ay nakatingala na lang. Ba’t ko naman sila kailangan pang patulan, eh, hindi naman na kami magka-level? Lalo na, I have a wonderful man who is willing to make me his wife even though I’m already a widow. Wait until you see my fiancé. You will not believe how blessed I am.”

Huminga nang malalim si Lia at tumayo. Hindi siya interesadong malaman kung gaano ito sinusuverte sa buhay. Buti kung alam ng lalaking iyon na pulos surgery lang ang mukha nito.

“Alam mo, I’d better go. Sabihin ko na lang kay Tamara na siya ang pumunta dito.”

Hinila nito ang album na pupulutin na sana niya. “Hindi pa ako tapos mamili, at ikaw ang kailangan ko dito, hindi si Tamara.”

“What for?”

“I like the starry night setting for the reception. S’abi ni Tamara, ikaw daw ang nakakaalam n’un. That’s the reason why I signed the contract kahit alam kong ikaw ang magtatrabaho.”

For another time, Lia was shocked. Sa dinamidami ng theme na ibibigay ni Tamara, bakit ang starry night pa? Hindi iyon para sa malditang babaeng ito!

“No way! That’s my theme for my own wedding.”

“Oh, then sorry ka na lang. I’ll be having it first before you do.”

“Then make your own starry night. I won’t do it for you.”

“You *will* make that starry night, Lia,” Nieves warned, “or I’ll tell my counsel to file a civil case against your company for breach of contract. Nagbigay na ako ng downpayment kay Tamara kanina.”

Lia gritted her teeth. Mukhang hindi na talaga siya makakawala sa babaeng ito. “Ano ba talaga’ng gusto mo?”

“I just want to have a marvelous wedding. I only meant business and nothing else. If you can’t handle that, then it’s your problem.”

“Hi, Honey.”

Napalingon si Lia sa lalaking dumating. Sa init

ng usapan nila ay hindi niya napansin ang pagdating nito. Tumayo si Nieves at hinalikan ito sa labi.

Tinagalan pa nito iyong na parang sinadya nitong gawin para pasikatan siya.

She took a good look at the man. Indeed, Nieves caught a rare gorgeous fish out of the ocean. From head to toe, especially in his set of expensive black suit, he was an embodiment of perfection. Sa tangkad at ganda ng pangangatawan pa lang nito ay daig siguro nito ang mga international male models na hinahangaan niya. His hair was velvety black and his nose was straight. Mahahaba ang pilik ng mga mata nito at prominent ang mga buto nito sa panga at baba. Parang kamukha nito si...

“Shit!” naibulalas ni Lia at napahakbang paatras. Inisip niyang namamatikmata lang siguro siya, ngunit nang lumingon sa kanya ang lalaki ay lalong nanlaki ang mga mata niya sa gulat. “Darius?”



Chapter Two



Naparalisa si Darius sa kanyang kinatatayuan nang mamukhaan niya ang babaeng tumawag sa kanyang pangalan. If this were a nightmare, he wished he'd wake up right now. Of all the women in the world that he'd wanted to see again, Lia would be the last on his list.

“Niloloko ba ninyo ako?” galit na tanong ni Lia at tumingin kay Nieves. Just like him, she did not appreciate this encounter. “Is this the reason why you hired me? Para ipamukha sa akin na ikakasal na kayo ng ex-boyfriend ko?”

Nieves was dumbfounded, and then laughed. “Excuse me. I just don’t have any choice dahil nagmamadali na kami.”

“Well, I don’t care,” sagot ng dalaga at pinulot ang mga gamit. “Maghanap ka ng ibang wedding planner na makakatiis sa pag-uugali mo.”

“Well, who’s talking? Sino ba ang nawalan ng boyfriend dahil sa sama ng kanyang ugali?”

“At sino ba ang nanulot?”

Biglang tinakpan ni Darius ang bibig ni Nieves bago pa ito makapagsalita. Alam niyang mag-aaway na ang dalawang ito. “Ladies, stop it.”

“Ladies, stop it,” nang-uuyam na ulit ni Lia sa kanyang sinabi. “Busalan mo kaya ang bunganga niyang fiancée mong ’yan. ’Yan ba ang ipinalit mo sa

akin? Yuck!"

Lihim na napailing si Darius. My God, Lia was still a brat just as how she was four years ago. Sa haba ng panahong lumipas ay wala pa ring nagbago rito, maliban na lang siguro sa malaki nitong eyebags at mahabang buhok. Her face was still as pretty as how he remembered it, with her big brown eyes edged with long thick lashes, narrow bridged nose, and small pinkish pair of lips. She used to wear her hair short, but now she'd grown them longer. The way the silky strands of black straight hair hang loosely halfway her back gave her a more mature look. She was now a beautiful woman, rather than the cute pretty girl he once knew.

"Yuck ka diyan." Nieves managed to take his hand off her mouth. "Ang sabihin mo, naiinggit ka at nangungulubot na 'yang mukha mo, pero wala ka pang asawa."

Nanlisik ang mga mata ni Lia. Akala ng binata ay sasabunutan na nito si Nieves kaya inihanda niya ang sarili na harangin ito, but to his surprise, his former flame managed to control her temper.

"At least, one hundred percent natural, pati mga kulubot ko'y natural. Eh, ikaw? Fake! Pati ugali mo, fake!" Napatingin ito sa kanya. "Pati 'yang boyfriend mo, fake din! Puro ka fake."

"What about it?" sagot ni Nieves na parang hindi man lang na-offend sa sinabi ni Lia. "Beauty is only skin deep. So what's the difference if it is fake or not?"

"Lalabas lang naman sa mga magiging anak mo

ang totoo. Magmumukhang tsonggo silang lahat.”

“My God! Would you listen to what you’re saying?”

“I heard. Baka gusto mong ultiñ ko?” hamon ni Lia.

Darius had had enough. Pag-uumpugin na niya sana ang dalawa, ngunit mabilis na naglakad palayo si Lia.

“Panget!” pahabol na sigaw ni Nieves dito.

“Fake!” Bigla itong lumingon sa kanila. “Pati puwet mo. Akala mo di ko napansin? Fake din ’yan. And I’m sure, pati ’yang boobs mo.”

“Hoy, natural ang boobs ko! Palibhasa kasi ’yang boobs mo ay parang kinagat lang ng langgam.”

“At least, hindi fake. Ikaw, mula ulo hanggang paa, fake. Magsama kayo ng boyfriend mong fake.” Nakalayo na si Lia sa magnobyo.

Bago pa muling makasagot si Nieves ay tinakpan ultiñ ni Darius ang bibig nito. “Tama na ’yan. Para kayong mga bata.”

“Iniinsulto niya ako, eh.”

“Hindi mo siya kailangang patulan. Alam mo naman nang gan’un ang ugali niyan.”

“Nakakainis, eh. Pakialam ba niya kung nagpasurgery ako.”

“At ano ba kasi’ng ginagawa niya dito? If I heard it right, you hired her as a wedding planner.”

Hindi kaagad nakaimik si Nieves. “It was too late n’ung malaman kong co-owner siya ni Tamara. Pinirmahan ko na ’yung kontrata.”

“You can cancel it. Tatal pati siya mukhang hindi

na rin interesado. If the decision is mutual between the parties then there can be no breach of contract.”

“Hindi puwede.”

Nangunot ang kanyang noo. “What? Don’t tell me you still want her to plan your wedding kahit nag-aaway na kayo.”

“Gusto ko ’yung idea niya sa reception, at saka ang gaganda ng mga designs niya ng wedding gowns. Kung nakita mo lang sana.”

Huminga siya nang malalim. “Nieves, Lia is my ex-girlfriend. Doesn’t that bother you?”

“Not at all,” mabilis nitong tugon. “Does it bother you?”

For a moment, he could not speak. This woman was testing him. “Are you sure?”

“Yes. Unless you have a problem with that.”

Darius knew that look in her eyes. Nagsususpetsa ito sa kanya. “Don’t give me that look. I was through with her four years ago. Kinalimutan ko na siya.”

Napangiti si Nieves. “Yun naman pala, eh. So ano’ng problema mo?”

He sighed again. Hindi niya alam kung bakit, ngunit para sa kanya ay hindi magandang idea na si Lia ang magiging wedding planner nila. Pero kung iyon ang gusto ni Nieves, wala siyang magagawa.

“Fine, but I don’t think she’d want to work with you.”

“She will. Wala siyang magagawa. May kontrata na kami.”

Minasahe ni Darius ang kanyang noo para maparam ang pananakit ng kanyang ulo. Hindi niya

maintindihan kung ano ang nasa isip ni Nieves. Napakaraming wedding planners na ang nagbigay ng kani-kanilang proposals dito, ngunit kung bakit ang kay Lia pa ang nagustuhan nito.



“Hoy!” sigaw ni Tamara kay Lia na nakatayo sa harapan ng salamin. “Kanina pa ako tumatawag sa ‘yo, hindi mo sinasagot. Ano ba’ng problema mo diyan sa mukha mo at hindi mo ako pinapansin, eh, ’andito ka lang pala?”

Hindi pa rin niya ito pinansin at patuloy na tiningnan ang bawat sulok ng kanyang mukha. Narinig niya kanina ang doorbell at boses nito, ngunit hinayaan na muna niya dahil alam niyang papasok din ang kaibigan. Bahay ito ng kanyang mga magulang. Dahil wala na ang kanyang lola at mukhang ginusto nang manirahan nang permanente ng mga magulang niya sa States, mag-isa na lamang niya sa bahay na ito.

“Lia, batuhin na kita diyan,” babala ni Tamara.

Saka lang niya ito nilingon. “Totoo ba na matanda na raw hitsura ko? At nangungulubot na raw mukha ko?” tanong niya.

Nagsalubong ang mga kilay nito. “Sino’ng may sabi?”

“Si Nieves.”

“Sino? ’Yung bago nating client?”

“Sino pa?”

“Ba’t naman niya sasabihin ’yun sa ’yo?”

“Ano pa? Para insultuhin ako. Malditang ’yun. I-cancel mo na ’yung kontrata natin sa kanya. Hindi

na ako pupunta doon.”

Huminga nang malalim si Tamara. Nang nagdaang araw ay nai-text na niya rito ang natuklasan at nangyari sa lugar ni Nieves kaya naiintindihan na siguro siya nito ngayon. “Unawain mo na lang. Bumabawi lang siguro sa ’yo yun.”

“Bumabawi? Eh, mukha ko naman ang pinagdidiskitahan niya. Porque ba may milyones siyang pang-surgery, ipinagyayabang na niya ’yung fake niyang pagmumukha?”

“Kaya nga, hayaan mo na kasi fake lang siya. Kahit ba mas maganda siya sa ’yo, di bale you’re all natural naman.”

Napaawang ang bibig ni Lia. “Ano’ng s’abi mo? Mas maganda siya sa akin?”

Natameme si Tamara. Nang sumagot ay nauutal pa. “A-ano ka ba? Huwag ka na ngang makipag-compete d’un.”

“So tingin mo mas maganda talaga siya sa akin, gan’un? ’Yung totoo.”

Hindi ito umimik. Naunawaan na niya kaagad ang ibig nitong sabihin.

Huminga nang malalim si Lia at umupo sa sofa. Sa totoo lang, noong hindi pa niya alam na nagpasurgery lang pala ang Nieves na iyon, ganoon din ang inisip niya. Pero hindi niya iyon ininda dahil hindi naman siya mahilig makipagkompetensya sa kagandahan. Kontento na siya sa hitsura niya at confident din siya sa kanyang sarili. Pero kung ikukumpara siya kay Nieves, hindi niya iyon matatanggap. Sabihin na nilang mas maganda lahat

ng ibang babae kaysa sa kanya, huwag lamang ang Nieves na iyon.

“Mahilig ka pala sa fake,” pairap niyang sabi sa kaibigan.

Umupo si Tamara sa tabi niya. “Lia, kailan ka pa na-insecure sa ibang babae? Di ba lagi mong sinasabi mas importante ang utak kaysa sa ganda?”

“Oo, pero hindi ko aaminin na mas maganda sa akin ang malditang ‘yun, ‘no!”

Bumuntong-hininga ito. “Sige na, mas maganda ka na. Mas matangos lang konti ang ilong niya sa ‘yo. Di bale, fake naman. Konting kamali lang n’un, mababangking din ‘yun.”

Unti-unti siyang napangiti. Kahit papaano ay gumaan ang kanyang pakiramdam. “Suntukin ko kaya ilong niya? Para lumabas ang totoong mukha niya.”

“Gawin mo kung gusto mo, pero huwag muna ngayon. Asikasuhin na muna natin ang kasal nila.”

“Sinabi ko na sa ‘yo. Ayaw ko. I-cancel mo na ’yung kontrata.”

“I tried, pero ayaw ni Nieves.”

Hindi siya makapaniwala sa narinig. “Ayaw niya?”

“Ayaw niya. Idedemanda raw niya tayo ng breach of contract with moral damages kapag hindi natin ginawa ang trabaho natin.”

“And what did you say?”

“Wala akong magagawa. Nakapirma na ako. At saka kailangan natin ang project na ‘yun. The company’s existence is dependent on this project.”

“Puwes, ikaw ang umasikaso sa kanila. Sa kabilang project ako,” matigas na sabi ni Lia.

“I suggested that, pero ikaw ang gusto ni Nieves.”

“Talagang nang-iinis ’yang babaeng ’yan, ah,” halos pasigaw niyang balik. “Nananadya ba siya para pagselosin ako?”

“Malamang, pero huwag ka na lang paapekto. Ipakita mo na professional ka. Ikaw din, kapag ganyan ang ipinapakita mo sa kanila, iisipin nila, lalo na ng ex mo, na bitter ka pa. Gusto mo n’un?”

Napaisip si Lia sa sinabi ng kaibigan. Tama nga ito. Hindi niya dapat ipakita sa mga hinayupak na mga iyon na bitter siya, pero parang hindi pa rin niya kakayaning makipagplastikan.

“Please naman, Lia.” Nagmakaawa na si Tamara, at lumuhod pa ito sa paanan niya. “Here, I’m on my knees na. Alam mo ba kung ilang milyones ang ginastos natin para lamang sa negosyo natin? Hiniram ko pa ’yun kay Papa. Kapag na-bankrupt tayo, ano na lang ang sasabihin niya? At saka lalo kang pagtatawanan ni Nieves kapag nangyari ’yun. Sige naman na, Friend. For the sake of our business, tiisin mo na lang muna sila sandali. Just for one month and it will all be over.”

Napapikit si Lia habang pinapakinggan ang nakikiusap nitong boses. Ano pa nga ba ang magagawa niya? Nakasalalay sa project na ito ang kanilang negosyo. Nakakahiya nga naman kapag na-bankrupt sila dahil lamang sa kanyang pride.

Chapter Three



Napakamot si Darius sa kanyang batok habang tinitingnan ang album na paulit-ulit na ipinapakita ni Nieves ang bawat pahina. Pare-pareho lamang sa paningin niya ang mga groom suit, ngunit para rito ay napakalaking bagay maging ang hugis ng mga butones.

“What’s wrong with my first choice?” tanong niya. “Natapos nang gawin ’yun ni Tim. Bakit kailangan nating palitan?”

“Hindi kasi bagay sa bagong gown na ipapagawa ko,” sagot nito.

He sighed. Dalawang wedding gown na ang ipinagawa nito kay Tim, ngunit sa bandang huli ay hindi rin nito nagustuhan. “Nieves, you’d better make up your mind. Malapit na ang kasal natin. Just what exactly are you looking for? Magaganda naman ’yung mga wedding dress mo.”

Ngumiti ito. “Don’t worry, may napili na ako. ‘Yung sa ’yo na lang ang problema.”

“Are you sure? Baka kapag natapos ’yung gown hindi mo na naman magugustuhan.”

“Not this time. Nakita ko na ’yung design na talagang gusto ko.”

For the second time, he sighed. “Fine then. Ikaw na rin lang mamili ng suit na babagay sa akin. I trust your judgment.”

Lumapad ang ngiti nito. “You’d love this, Honey,” she said as she showed him a picture of a pair of white suit with golden linings. “We’re going to look like a royal couple. The William and Kate Wedding will pale in comparison with ours.”

Tumaas ang isa niyang kilay sa sinabi nito. Nieves had been acting strange lately. Noong una ay simpleng kasalan lang ang plano nito, but she suddenly changed her mind and decided to make their wedding the grandest of all.

It was not that he was complaining. Kaya naman niyang ibigay ang pinapangarap nitong kasal. Ang problema, parang hindi nito mawari kung ano ba talaga ang gusto nito. She was dreaming of something that she herself couldn’t picture altogether.

“Do as you wish, Nieves,” he said, “but may I remind you again, that our life after this wedding is what’s more important.”

Flattered, she smiled and stood to wrap her arms around his shoulders. “I know. I just want to make our wedding special.”

“It will be,” Darius assured her.

She lowered her head to kiss him. Ngunit bago dumapo ang mga labi nito ay nakarinig sila ng busina ng sasakyan. “Oh, my God! The bitch is here.”

Nangunot ang kanyang noo. “You’re expecting someone?” tanong niya.

“Yep. Your ex,” sagot nito at tinungo ang pinto. “I thought she quit,” pahabol niya bago ito

makalabas.

“She changed her mind. Halika sa labas. Pag-usapan natin ang landscape.”

Hindi na niya naituloy ang susunod pa niyang sasabihin nang isara nito ang pinto.

Suddenly, Darius felt his pulse racing. Ganito rin ang naramdaman niya noong madatnan niya si Lia sa bakuran ni Nieves noong nakaraang araw. If possible, ayaw na sana niya itong makita, ngunit mapilit talaga ang kanyang mapapangasawa na si Lia ang gawin nitong wedding planner.

Tumayo siya at papalabas na sana nang bigla siyang huminto. Parang hindi niya kayang harapin ang dating nobya, ngunit kung magkukulong siya roon ay baka isipin ni Nieves na iniwasan niya si Lia.

Totoo iyon. Nais sana niyang iwasan si Lia, ngunit hindi dahil sa may nararamdaman pa siya rito kundi dahil ayaw na niyang balikan pa kung anuman ang nakaraan nila.

Lumapit si Darius sa bintana at marahang hinawi ang kurtina para makita niya ang nangyayari sa labas. Lia just parked her car, and when she stepped out of it, miles of white legs flashed before his eyes. Sa iksi ng suot nitong miniskirt ay halos makita na niya ang underwear nito.

Mabilis niyang isinara ang kurtina at lumayo sa bintana. He found himself gasping, followed by the rising of his flesh beneath his jeans.

This couldn’t be happening! It had been four years since he decided he didn’t want anything to do

with her again. Hindi siya dapat nakakaramdam ng ganito ngayon.

To his surprise, biglang bumukas ang pinto at mabilis na pumasok si Nieves. Nagdadabog pa ito.

“That bitch,” anas nito at tinanggal ang butones ng suot nitong blouse.

“What are you doing?” tanong niya. He didn’t want to think that Nieves wanted to make love with him while Lia was waiting outside the door.

“Giving that bitch what she deserves,” sagot ng babae. “Gusto niyang makipag-compete, ha! Sige, tingnan ko lang kung may laban siya sa boobs ko.”

Awang ang mga labi ni Darius habang pinapanood si Nieves na itinali ang blouse sa ibaba ng dibdib nito para makita ang baywang nito. Ibinaba pa nito ang miniskirt para ipakita ang belly button nito.

Alam na niya ang dahilan. Mas maiksi ang suot ni Lia na miniskirt kaya pakiramdam ni Nieves ay nasapawan ito.

“You know what? You’re acting immaturely,” aniya rito.

Nilingon siya ng kanyang fiancée at hinila sa magkabilang direksyon ang blouse sa dibdib nito para lumitaw ang cleavage. Nieves had a beautiful body, thanks to a few surgeries which she admitted that she had undergone to fit to the socialite group of her deceased husband. But to his surprise, it did not give him the arousal that Lia had just stirred in him. Was it because she was fake?

“This is between me and her, okay?” sagot nito.

“She’s trying to compete with me. Akala niya siguro kaya niya akong sapawan. Tingnan ko lang.”

“Nieves, you have me. Hindi mo siya kailangang patulan.”

Para bang may bigla itong naisip kaya dahan-dahan itong napangiti. “You’re right. I have you.” Lumapit ito sa kanya at itinaas ang kanyang shirt.

“What are you doing?”

“Just take this off.”

Puzzled, he removed his shirt and threw it on the couch behind him. “Now what?”

Hinila nito ang kamay niya palabas.

“Nieves, whatever you’re planning, huwag mo nang ituloy,” babala ni Darius ngunit hindi siya nito pinansin. Pagbaba nila ng hagdanan ay nakita niya si Lia na nakatayo sa harapan ng kotse nito habang naghihintay.

Gaya niya kanina, awang din ang bibig nitong napatingin sa kanilang dalawa.

“My gawd!” natatawa nitong sambit. “Nag-display ng fake na boobs.”

Binitawan ni Nieves ang kamay ni Darius at nilapitan ito. Akala niya ay sasabunutan nito si Lia, ngunit iba pala ang nasa isip nitong gawin. “Sabihin mo nang fake ang lahat sa akin, pero hindi ang boobs ko,” anito habang tinuturo ang dibdib. “Sige nga. Ipakita mo rin ’yang boobs mo kung may ipapakita ka.”

Sinulyapan ni Lia ang dibdib ng babaes. “I don’t think so. I’m sure, silicon ’yan.” Ibinaba nito ang tingin sa baywang ni Nieves. “Yan din, liposuction.

Kanino ka pumunta? Belo o Calayan?”

“Neither, at hindi ko sasabihin sa ’yo kung kanino at hindi mo rin siya afford. Magpayaman ka muna para maipatanggal mo ’yang mga baby fats mo.”

“Duh, wala akong balak magpaka-fake.”

“Kunwari ka pa. If I know, inggit na inggit ka sa boobs ko.”

“Iyo na ’yang boobs mong silicon. Ako, natural ang beauty ko. Kapag nagkaanak ako, mamanahin iyon ng mga anak ko. Pero ikaw, lilitaw ang natural mo sa mga anak mo.”

Pairap na tumalikod si Nieves at lumapit sa kanya. Kumapit ito sa braso niya at saka hinaplos ang kanyang dibdib. “Guapo naman ang magiging asawa ko. There’s a chance na sa kanya magmamana ang magiging mga anak ko. Eh, ikaw, may guapo ka bang boyfriend?”

Namaywang si Lia. “For your information, sinalo mo lang ang ibinasura ko.”

Natawa nang malakas si Nieves. “Ibinasura? Sa pagkakaalam ko, *ikaw* ang naibasura.”

Darius saw the way Lia’s eyes flared in fury while Nieves laughed. Para hindi na lumala ang away ng dalawang babae ay kailangan na niyang umawat. “Ladies, ’yan ba ang dahilan kaya kayo narito?”

“Yang ex mo kasi, eh, ambisyosa,” sagot ni Nieves.

“Eh, ikaw, mang-aagaw,” balik naman ni Lia.

“Enough,” he said but both ladies ignored him.

“Kung sinasadya mong asarin ako para

i-terminate ko ang contract, sorry ka na lang dahil hindi ko 'yan gagawin," ani Nieves kay Lia. "You will have a very miserable four weeks while you prepare your ex-boyfriend's wedding. Lumunok ka na lang sa inggit, and when you see us marching down the aisle, you'll know just how pathetic you are."

Darius was stunned at what he heard. Ganoon din ang reaksyon ni Lia. Hindi niya inakalang ganoon pala ang plano ni Nieves. Sisitahin niya sana ang kanyang fiancée, ngunit inunahan siya ng dating nobya.

"S'abi na nga ba't 'yan talaga ang binabalak mo," anito. "Well, for your information, I'm not about to feel sorry for myself, but I feel sorry for you."

"Talaga?" Nieves mocked. "For what? For marrying the richest and the most handsome lawyer in the country?"

"Let's get this work done and I'll prove it to you. I will make your wedding the most spectacular wedding of all time, and I will be the very first one to clap my hands when you say *I do*."

Lalong natawa si Nieves habang namumula sa galit si Lia. "Siguraduhin mo lang, dahil pag hindi ko nagustuhan ang trabaho mo, hindi kita babayaran. 'Yan ang usapan namin ni Tamara."

"Whatever, as long as the guests will be the judges. Don't think you can cheat me out of this."

"Fine, the guests will decide. Kung hindi nila magustuhan ang trabaho mo, then sorry. So you'd better give it your all, and start crying when you feel like it."

“Nieves,” awat ni Darius sa mapapangasawa.

Nilingon ni Lia ang paligid. “Dito ba ang ceremony?” tanong nito.

“Yes, and the reception will be inside. Ready to work?”

“This place’s a jungle. What’s wrong with your backyard?”

Sinulyapan siya ni Nieves. “I’ve suggested that, pero ayaw ni Darius.”

“Why?” tanong ni Lia. “Just removing these weeds here will take days. Pag ready na ’yung lugar, dedekorasyunan na lang.”

Darius sighed and took a few steps toward her, but left about a meter of distance. If he’d go any closer to her, the scent of her sweet perfume would put him into trance, just like what happened when he first met her when he attended a dinner with one of his clients who happened to be her relative. Doon sila nagkakilala at nag-ibigan.

“Mas accessible kasi ito since walang entrance doon,” sagot niya. “Masyado ring maraming aayusin. Plus, kailangan ding alisin ang malit na kamalig na ginawang tambakan ng mga lumang gamit namin.”

Hindi umimik ang dalaga at naglakad patungo sa likuran ng bahay. The backyard was wider, pero mas mataas din ang mga damo. Ito ang dating tahanan ng ama ni Darius at dito rin siya lumaki. When his mother died three years ago, his father couldn’t handle the loss and decided to migrate to Australia where his older sister was staying with her family. Nag-retire na ito sa pagiging abogado at ayon

sa Ate Nanette niya ay nakokontento na raw ang kanilang ama sa pakikipaglaro sa dalawa nitong apo roon.

That was the reason why he wanted to get married. He could have proposed to Lia before while his mother was still alive, ngunit maraming nangyari. Namatay ang ina niyang hindi man lang nakita ang mga apo nito, at ayaw niyang muling mangyari iyon kapag ang ama naman niya ang pumanaw. Alam niyang masaya na ito sa mga apo sa kanyang ate, ngunit lagi pa rin nitong sinasabi sa kanya na mas magiging masaya ito kapag nagkaapo ito mula sa kanya.

Mula nang magkahiwala'y sila ni Lia ay matagal siyang walang naging kasintahan. He spent all his time with his clients, earning piles and piles of money, hoping that fame and fortune would ease the pain of losing his mother, but it did not. So when he started searching for a bride and he happened to meet Nieves, he believed she would make a good wife for him. Noong una ay hindi niya alam na ito ang dating sekretarya niya dahil apelyido ng nasira nitong asawa ang gamit nito noong nagkakilala sila. Nagulat siya nang inamin sa kanya ni Nieves kung sino talaga ito at nagparetoke lang. Pero sa kabilang niyon ay tinanggap niya ito. It never occurred to him that he'd soon meet Lia once again as well.

Biglang natawa si Nieves. "Ay, may peklat! Ang laki! Mapa ba 'yan ng Pilipinas?" uyam nito habang itinuturo ang hita ni Lia.

Lia glanced at the birthmark at the back of her

lower thigh. "For your information, birthmark 'yan."

"Ows? Eh, buti pa ang peklat at puwedeng matanggal. Pero 'yan, permanent na 'yan sa hita mo."

"Haha, nagsalita ang reyna ng surgery. Tingnan lang natin kung hindi ka magmukhang mamaw pagtanda mo."

Hindi na hinayaan ni Darius na makasagot si Nieves. Hinawakan niya ang braso nito at sinenyasan na manahimik hanggang sa nagpatuloy si Lia sa paglalakad. Saka lang niya ito binitiwan nang hindi na nila makita ang wedding planner.

He sighed and dropped his hand. Ito ang napili niyang mapangasawa kaya hindi niya dapat iyon pagsisihan. Ngunit mayroon lang siyang gustong itama rito.

"Kung ang dahilan kaya mo siya kinuhang wedding planner ay para asarin siya, forget it. Maghanap ka na lang ng iba."

"I didn't mean that," mabilis nitong sagot. "She was bullying me—"

"She was? Weren't you mocking her about her birthmark?"

"Ganti ko lang 'yun sa pang-aasar niya sa—"

"I mean it, Nieves."

Natulala ito nang ilang sandali nang ma-realize na seryoso siya. "No, that's not the reason. Wala na kasi akong makuhang iba. Besides, nag-aran siya sa New York kaya marami siyang nalalaman na bagong style."

"What about her partner?"

Umingil ito. “Busy si Tamara sa ibang project nila.”

Huminga siya nang malalim. “Fine, keep her, but for God’s sake, stop being childish. ’Yan mismo ang dahilan kaya ko hiniwalayan si Lia noon, and now you’re acting exactly just like her. Don’t make me regret marrying you, Nieves, because I don’t want to.”

Tinikom nito ang bibig at saka tumango. “All right, I’ll be good now.”

He smiled and pinched her cheeks. “That’s better. Let’s go see what she’s up to.”

Inakbayan niya ito at nagtungo sila sa backyard. Nadatnan nila si Lia na iginagala ang tingin sa paligid.

“If you can lend me twenty workers, we can clean this up in three days,” anito bago lumington sa kanila. “Deal?”

Darius couldn’t answer. The way her hair swayed as she turned around enthralled him. He thought nothing about her had changed but her hair, but no... she was even more beautiful now.

“Deal,” sagot ni Nieves.

He had to struggle not to look at Lia’s legs when she started walking farther to check the weeds. He couldn’t possibly have another arousal now, not while he was standing beside his fiancée. Kung alam niyang ganito pa rin pala ang magiging epekto ng babaeng ito sa kanya, sana ay ipinagpilitan niya kay Nieves na kumuha ng ibang wedding planner. But it was all too late now. He just had to deal with it until

this wedding was over. Afterwards, he'd never have to see this temptress again.

